

### **Patnubay sa Pakikipag-ugnayan ng Miyembro ng Pamilya**

Isang ahensya ng estado ang Departamento ng Pasulong na mga Serbisyo (Department of Developmental Services, DDS) na nagpopondo at namamahala sa 21 mga sentrong pangrehiyon (regional centers, RC) sa buong estado. Nais naming hikayatin ang makabuluhang mga pagdedesisyon sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya, mga pagtataguyod-sa-sarili, mga provider ng serbisyo at mga sentrong pangrehiyon hinggil sa mga layunin, pangangailangan at serbisyo ng bawat isang indibiduwal habang nagaganap ang pandemyang COVID-19. Nilalayan ng Gabay na ito na mapadali ang mga talakayan tungkol sa mga pangangailangan ng bawat indibiduwal na nakatanggap ng mga serbisyo ng RC, at kung paano naitataguyod ng mga serbisyo at ng mga suporta ang pagpipili, kakayahang umangkop at inobasyon habang pinananatili ang kaligtasan. Nakakatulong ang mga pinag-isipang pag-uusap at pagpapalano sa mga pamilya at pagtataguyod-sa-sarili na pumili kung ano ang pinakamainam para sa kanila.

Hinihikayat namin kayong ibahagi ang lahat o ilan sa mga impormasyong ito sa inyong RC at provider ng serbisyo.

#### **Kasalukuyang Mga Layunin, Aktibidad, at Serbisyo**

1. Isipin ang mga layunin sa Indibidwal na Planong Programa (Individual Program Plan, IPP) ng miyembro ng inyong pamilya. Mayroon bang alinman sa mga ito ang kailangang baguhin dahil sa COVID-19?
2. Paano kasalukuyang namumuhay ang miyembro ng inyong pamilya na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC? Ano ang gusto nila? Ano ang hindi nila gusto?
3. Paano kasalukuyang naipagkakaloob ang mga serbisyo at suporta ng RC? Ano ang maayos na gumagana? Ano ang gusto mong baguhin?

#### **Mga Pagbabago sa Katayuan ng Kalusugan, Mga Pagbabago sa Katayuan sa Trabaho ng Miyembro ng Pamilya**

1. Nagkaroon ba ng mga pagbabago sa kalusugan ng miyembro ng inyong pamilya? Ikaw ba, ibang miyembro ng pamilya o tagapag-alaga ay nakaranas ng malubhang sakit na may kinalaman sa COVID-19? Nangangailangan ba ang miyembro ng inyong pamilya na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC ng anumang suporta para matugunan ang mga alalahanin sa kalusugan na ito?
2. Nakaranas ba ang miyembro ng inyong pamilya na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC ng anumang bago o dumaming mga hamon sa pag-uugali? Ikaw ba o miyembro ng inyong pamilya ang nakaranas ng alinman sa mga sumusunod habang nasa tahanan: stress; paghihiwalay; pagkamatay ng kapamilya, tagapag-alaga, o kaibigan? Kailangan ba ng miyembro ng inyong pamilya ang suporta para matugunan ang mga alalahaning ito?
3. Nagkaroon ba ng mga pagbabago sa inyong trabaho o sa pinagkukuhanan ninyo ng kita? Paano nakakaapekto ang mga pagbabagong ito sa mga serbisyong kailangan ninyo mula sa RC?

#### **Kagamitan sa Kaligtasan at Mga Protokol na Pangkaligtasan**

1. May access ka ba at ang miyembro ng inyong pamilya sa personal na kagamitan sa proteksyon (personal protective equipment, PPE) tulad ng mga maskara, guwantes,

sanitizer? Kailangan ba ninyo ng tulong na makakuha ng PPE? Kailangan mo ba o ang inyong pamilya ng pagsasanay kung paano gamitin ang PPE?

2. Nasusundan ba ng miyembro ng inyong pamilya na nakatanggap ng mga serbisyo ng RC ang mga pamamaraan para sa kaligtasan tulad ng pagsusuot ng maskara, social distancing, hindi paghipo sa kanilang mukha, paghuhugas ng kamay, o pagtitingin sa kanilang temperatura? Mayroon bang mga dahilan na may kaugnayan sa kapansanan kung bakit hindi masundan ng miyembro ng inyong pamilya ang alinman sa mga pamamaraang ito? Mayroon bang ibang PPE na mas mahusay na gumagana para sa miyembro ng inyong pamilya tulad ng malinaw na face shield?

### **Mga Pangangailangan at Opsyon sa Serbisyo**

Isipin ang mga serbisyo na natanggap ng miyembro ng inyong pamilya mula sa RC bago at habang may kautusan na manatili sa bahay? Maaaring gusto ninyong ipagpatuloy ang ilan sa mga nasabing serbisyo. Maaaring gusto ninyong baguhin ang ilan sa mga nasabing serbisyo. Maaaring gusto ninyo ng ibang mga serbisyo.

1. Nakatanggap ang ilang mga indibidwal ng mga serbisyo mula sa malayo sa pamamagitan ng teknolohiya tulad ng Zoom. Nakakatulong ba ang remote na mga serbisyong ito? May mga paraan ba para mapahusay ang mga ito? Gusto ba ninyong magpatuloy ang mga remote na serbisyong ito?
2. Maaaring naipagkaloob sa inyong tahanan ang ilang mga indibidwal na terapiya tulad ng mga serbisyong Pagsusuri sa Ipinakitang Pag-uugali (Applied Behavior Analysis, ABA), pananalita o maagang interbensyon na mga serbisyo. Kung nahinto ang mga serbisyong iyon o naipagkaloob ngayon mula sa malayo, gusto ba ninyo na muling magsimula ang mga serbisyong iyon sa inyong tahanan, sa sandaling pahintulutan ito sa ilalim ng mga patnubay sa pampublikong kalusugan?
3. Komportable ba kayo sa miyembro ng inyong pamilya na nakatanggap ng mga serbisyo ng RC na lumahok sa mga programa sa labas ng inyong tahanan o sa labas kapag nasusundan ang mga protokol na pangkaligtasan? Anong uri ng mga aktibidad ang komportable sa inyo? May mga uri ba ng aktibidad na hindi ninyo gustong gawin ng miyembro ng inyong pamilya?
4. Gusto ba ninyong malaman ang iba pang mga uri ng serbisyo na matatanggap ng miyembro ng inyong pamilya sa tahanan? Halimbawa, sa pamamagitan ng “mga serbisyong dinidirekta ng kalahok,” maaari kayong mag-hire ng taong piliin ninyo, kasama ng miyembro ng pamilya. Ang taong ito ay maaaring magbigay ng respite, day care, transportasyon, mga serbisyo na ipinagkaloob ng may lisensyadong nars, day services, personal na tulong, malayang mga kasanayan sa pamumuhay at mga serbisyong suportado sa trabaho. Mas maraming impormasyon ang matatagpuan sa [DDS website](#) o sa pamamagitan ng inyong RC.

### **Komunikasyon sa mga Provider ng Serbisyo, Mga Coordinator ng Serbisyong RC at Kawani**

Isipin kung paano ka at ang miyembro ng inyong pamilya nakipag-ugnayan sa kawani ng RC at mga provider ng serbisyo habang may kautusan na manatili sa tahanan. Maaaring sa pamamagitan ito ng telepono, sa email o teknolohiya tulad ng Zoom.

1. Alin sa mga paraan ng komunikasyon na ito ang pinakamahusay na gumana para sa inyo? Ano ang mga paraan na gusto ninyong makipag-ugnayan ang mga kawani ng sentrong pangrehiyon o mga provider ng serbisyo sa inyo sa hinaharap?
2. Ikaw ba o ang miyembro ng inyong pamilya ay may anumang mga problema sa paggamit ng teknolohiya para maka-ugnayan ang mga provider ng serbisyo o kawani ng sentrong pangrehiyon? Mayroon bang teknolohiya na kailangan ninyo para mas mahusay na maka-ugnayan ang mga kawani ng sentrong pangrehiyon o mga provider ng serbisyo o para makatanggap ng mga serbisyo mula sa malayo?
3. Nangangailangan ka ba o miyembro ng inyong pamilya na nakatanggap ng mga serbisyo ng RC ng pagsasanay sa paggamit ng teknolohiya?

### **Mga Pangangailangan sa Pagsasanay**

1. May pagsasanay ba na kailangan mo o ang miyembro ng inyong pamilya na tumatanggap ng mga serbisyo ng RC? Halimbawa ,kailangan mo ba o ang miyembro ng inyong pamilya ng pagsasanay kung paano gumamit ng maskara, paghuhugas ng kamay, social distancing o iba pang mga patnubay na pangkaligtasan? Humingi ka ba sa inyong provider ng social story o mga communication board para makatulong sa miyembro ng inyong pamilya na matuto at masanay sa mga pamamalakad na ito?
2. Mayroon bang pagsasanay na kinakailangan mo o sa miyembro ng inyong pamilya na nakatanggap ng mga serbisyo ng RC para mas mahusay nilang magamit ang teknolohiya? Kailangan ba ng miyembro ng inyong pamilya ang kagamitan sa pag-aangkop at pagsasanay para magamit ang teknolohiya?
3. Makakatulong ba ang pagsasanay tungkol sa mga opsyon sa serbisyo? Maaaring kabilang dito ang impormasyon tungkol sa iba't ibang uri ng mga serbisyo na maaaring ipagkaloob ng mga sentrong pangrehiyon, ang iba't ibang mga paraan na maipagkaloob ang mga serbisyo, mga paraan kung paano maaaring mabago ang mga serbisyo habang ipinapalagay ninyo ang pagbabalik ng mga serbisyo.